


# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 6: Pagsulat ng Tula at Sanaysay na Naglalarawan



**Filipino – Ikaanim na Baitang**

**Alternative Delivery Mode**

**Ikatlong Markahan – Modyul 6: Pagsulat ng Tula at Sanaysay na Naglalarawan Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtulis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Agnes G. Belmonte
<b>Editor:</b>	Juliet P. Quezon
<b>Tagasuri:</b>	Juliet P. Quezon, Edwin Pameroyan, Carmel Joy P. Aujero Roselyn C. Roldan, Celestino S. Dalumpines IV Antonette Espora
<b>Tagaguhit:</b>	Ednan Jamandre, Ana Mae P. Aujero
<b>Tagalapat:</b>	Jerry R. Baguios, Joy P. Nakamura, Niño D. Jacobe
<b>Mga Tagapamahala:</b>	Ma. Gemma M. Ledesma, Cynthia G. Demavivas Elena P. Gonzaga, Federico P. Pillon, Jr., Juliet P. Quezon Carmel Joy P. Aujero

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI**

Office Address: Duran Street, Iloilo City

Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653

E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# FILIPINO

## **Ikatlong Markahan – Modyul 6: Pagsulat ng Tula at Sanaysay na Naglalarawan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Magandang araw!

Ang ating kapaligiran, karanasan, sarili, mga minamahal na tao, hayop o bagay man ay maaari nating ilalarawan sa pamamagitan ng isang tula o sanaysay na naglalarawan.

Ang tula at sanaysay ay mas nakaaaliw sa mga mambabasa kung ginagamitan ng angkop na mga salitang naglalarawan. Mas nakakapukaw ito nga interes at imahinasyon.

Sa pagtatapos mo ng modyul na ito, inaasahang:

- nakasusulat ka ng tula at sanaysay na naglalarawan.  
**(F6PU-IVa-2.1)**



## ***Subukin***

**Panuto:** Tingnan ang larawan. Magbigay ng isang salitang naglalarawan tungkol dito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1.



2.



3.



4.



5.



## Aralin

# 1

## Pagsulat ng Tula at Sanaysay na Naglalarawan

Isang bagong aralin na naman ang ating tatalakayin ngayong araw. Tiyak na maaaliw ka sa kung papaano gagawin ang pagsulat ng tula at sanaysay gamit ang mga salitang naglalarawan. Ngunit, bago tayo magpatuloy, balikan muna natin ang inyong napag-aralan tungkol sa mga salitang naglalarawan.



### ***Balikan***

**Panuto:** Basahing mabuti ang tula. Sipiin ang limang salitang naglalarawan na makikita rito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

### **ANG PANDEMYA**

*ni: Agnes G. Belmonte*

Sino'ng mag-aakala na darating ang nakahahawang pandemya?

Binulabog ang lahat ng tao sa buong bansa.

Sa maunlad na bansang China raw ito nagmula,

Kay bilis na kumalat, marami ang nahawa.

Lahat ay hindi nakapaghanda, lahat halos ay di-handa.

Saan kukuha ng pantawid gutom sa kumakalam na sikmura?

Kung ang lahat halos ay magsasara, trabaho at eskwela,

dahil inanunsiyong mag-lo-lockdown na!

Mga gutom na mamamayang Pilipino,

umaasa sa ayuda ng gobyerno.

Hinintay ang kakarampot na tulong

mula sa may mga ginintuang puso.

Upang sa araw-araw ay patuloy na mabuhay,  
at umaasang darating ang isang magandang umaga,  
na ang pandemya'y wala na.



### **Mga Tala para sa Guro**

*Ito ay panimulang pagtatasa lamang. Maaaring itala ang iskor para matukoy ang kahinaan ng mag-aaral.*



## **Tuklasin**

**Panuto:** Punan ang patlang ng salitang naglalarawan upang mabuo ang diwa ng pahayag. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Gawin ito sa sagutang papel.

masustansiyang	malinis	nakamamatay
	nakahahawang	matataong

### **Pangangalaga sa Panahon ng Pandemya**

Patapos na ang taong 2019, nang lumabas ang balita na bumulabog sa buong bansa, ang paglaganap ng 1. \_\_\_\_\_ na *virus* na tinawag na Covid 19. Nagsimula ang *virus* sa bansang China, hanggang sa lumaganap na sa buong mundo.

Kailangan ang wastong pangangalaga at pag-iingat sa sarili upang hindi mahawaan ng 2. \_\_\_\_\_ sakit na ito. Narito ang mga tagubilin na dapat tandaan at sundin upang pangalagaan ang sarili. Gumamit ng 3. \_\_\_\_\_ na *mask* o pantakip sa mukha bilang pananggalang sa talsik ng laway o paglanghap ng *virus*.



Laging maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig o kaya'y paggamit ng *alcohol*. Iwasan ang mga 4.\_\_\_\_\_ lugar at laging panatilihin ang isang metrong distansiya. Kumain ng 5.\_\_\_\_\_pagkain. Uminom ng bitamina at laging mag ehersisyo.



## ***Suriin***

Mas nagkakainteres ang mga mambabasa ng tula at sanaysay kapag ginagamitan ng mga salitang naglalarawan o pang-uri.

Ano nga ba ang salitang naglalarawan o pang-uri?

Ang **pang-uri** ay salitang naglalarawan sa pangngalan o panghalip. Maaaring nagsasaad ito ng bilang, kulay, katangian, hugis, sukat, at iba pa.

### **Halimbawa:**

Kulay – puti, dilaw, itim, pula

Bilang – marami, isa, lima

Katangian – mataba, mabait, matamis

Hugis – bilog, tatsulok, parihaba

Sukat – maiksi, malapad, mataas

Ang mga salitang may salungguhit sa sumusunod na mga pangungusap ay halimbawa ng pang-uri o mga salitang naglalarawan:

- a. Si Alice ay may limang, matatabang aso.
- b. Siya ay isang ulirang anak.



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1**

**Panuto:** Basahin ang tula at kopyahin ang mga salitang naglalarawan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

#### **Si Nanay**

*ni: Agnes G. Belmonte*

Kung mayroong nanay sa bawat tahanan,  
ang mga kasapi ng pamilya ay may kasiyahan,

Sa problema sila'y nagdadamayan,  
laging gabay nila ang ilaw ng tahanan.

Kung sa bawat bahay ay mayroong ina,

lahat ay malinis, lahat ay masaya.

Ang kaniyang ugali ay kaaya-aya,

at ang kabaitan ay walang kagaya.

Sa aming tahanan ay may nanay ako,

mabait, masipag, mahusay magkuwento.

Kapag may dumating na kaibigan ko,

ang palagay niya rito'y anak na katulad ko.

### **Gawain 2**

**Panuto:** Pumili ng isa sa sumusunod na mga paksa. Sumulat ng isang sanaysay tungkol dito gamit ang mga salitang naglalarawan. Bilugan ang mga ito. Sa pagsulat ng sanaysay, ang lahat ng pangungusap ay nagsasaad ng isang paksa lamang. Ito ay may panimula, katawan at wakas. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang Aking Kaibigan
2. Ang Kalikasan
3. Ang Aking Pamilya
4. Ang Huwarang Anak

### Gawain 3

**Panuto:** Dugtungan ng isang saknong ang tula gamit ang mga salitang naglalarawan. Bilugan ang mga ito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

#### **Sa Aming Pamayanan**

Ang aming pamayanan ay maituturing na huwaran,  
mga mamamayan halos lahat nagdadamayan.  
Sa pagpapanatili ng kalinisan lahat nagtutulungan,  
upang sa aming lugar kalusugan ay maalagaan



#### **Isaisip**

Ano ang makakatulong upang maging kasabik-sabik sa mambabasa ang ating tula o sanaysay?

Tama! Gamitan ito ng mga **salitang naglalarawan o pang-uri**. Nagagawa nitong maging malinaw, makulay, at nakatutulong na higit na mauunawaan ang ating isinulat.

Kaya, sa iyong pagsulat ng tula o sanaysay, pagyamanin ito sa tulong ng makukulay at angkop na mga salitang naglalarawan o pang-uri.



#### **Isagawa**

**Panuto:** Pumili ng iyong paksa at sumulat ng tatlong saknong na tula gamit ang malayang pagsulat, walang sukat at tugma, gamit ang mga salitang naglalarawan. Bilugan ang mga ito. Gawin sa iyong sagutang papel.



## **Tayahin**

**Panuto:** Basahin ang tula. Punan ng angkop na salitang naglalarawan ang patlang upang mabuo ang kaisipan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

### **Ang Aking Pusa**

Ako'y may alagang pusang \_\_\_\_\_,  
Mahilig itong manghuli ng \_\_\_\_\_ daga.  
Tuwing gabi, sa labas makikita,  
Naghihintay ng kaniyang mahuhuling palabas ng lungga.

Hindi naglaon, 'di lang siya nag-iisa  
'Pagkat nagsilang ito ng \_\_\_\_ kuting.  
Gaya rin niya, \_\_\_\_\_ din sila  
'Pagkat inaalagaan ng \_\_\_\_\_ ina



### **Tala para sa Guro**

*Iwawasto ng guro ang posibleng sagot ng mag-aaral.*



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Pumili ng paksa sa iyong interes. Sumulat ng sanaysay batay sa rubrik sa ibaba gamit ang mga salitang naglalarawan. Bilugan ang mga ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

---

---

---

---

---

---

### Rubrik sa Pagsulat ng Sanaysay

<b>Pamantayan</b>	<b>Kahanga-hanga</b>	<b>Mahusay</b>	<b>Magaling</b>	<b>Pagbutihin pa</b>
Nilalaman	6-7 na puntos Ang nilalaman ay makabuluhan at ang kalinisan ay nakikita sa kabuoan ng sanaysay.	4-5 na puntos Ang nilalaman ay makabuluhan ngunit hindi gaano malinis ang kabuoan ng sanaysay.	2-3 na puntos Ang nilalaman ay hindi gaanong makabuluhan at may kaunting bura ang sulat.	1 na puntos Walang kabuluhan ang nilalaman at hindi malinis ang pagkasulat ng sanaysay.
Tema	4 na puntos Ang kabuoan ng sanaysay ay may kaisahan sa tema.	3 na puntos Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema.	2 na puntos Ilan sa nilalaman ay hindi kaugnay sa tema	1 na puntos Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman.
Istilo ng Pagsulat	4 na puntos Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at madaling mababasa.	3 na puntos Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa pero hindi masining.	2 na puntos Ilan sa mga salita ay hindi malinaw.	1 na puntos Mahirap basahin ang istilong ginamit.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

**Maaring sagot (Tanggapin ang ibang pang posibleng sagot.)**

1. mabango
2. mataba
3. mayabong
4. malaki
5. maganda

**Balikan**

Nakahahawang, marami, maunlad, kumakalam, gutom, kakampot, ginintuang, maganda

**Tuklasin**

Nakamamatay, nakahahawang, malinis, matataong, masustansiyang

**Pagymainin**

**Gawain 1**

1. malinis
2. masaya
3. kaaya-aya
4. walang kagaya
5. mabait
6. masipag
7. mahusay

**Gawain 2**

*Ang guro ang magwawasto.*

**Gawain 3**

Ang guro ang magwawasto.

**Isagawa**

Ang guro ang magwawasto.

**Tayahin**

Tanggapin ang angkop na sagot.

mataba  
pesteng  
lima  
malusog  
mapagmahal

**Karagdagang Gawain**

Ang guro ang magwawasto.

## ***Sanggunian***

Cayabyab, R. A. S. (2018, October 13). Rubrik sa Pagtataya ng Sanaysay. [Google.com/search?q=rubric+sa+pagtataya+ng=sanaysay&oeq=rubric&aqs=chrome.69i59l3j69i57j69i60.2883j0j4&client=ms-android-huawei&source=chrome-mobile&ie=UTF-8#imgsrc=BY7gbnToYPjw8M](https://www.google.com/search?q=rubric+sa+pagtataya+ng=sanaysay&oeq=rubric&aqs=chrome.69i59l3j69i57j69i60.2883j0j4&client=ms-android-huawei&source=chrome-mobile&ie=UTF-8#imgsrc=BY7gbnToYPjw8M)

Mga tulang pambata. (2017, April 30). In Facebook.

<https://www.facebook.com/776386982543148/posts/mabait-si-lolakung-mayroong-lola-sa-bawat-tahananang-lahat-ng-bata-ay-may-kasiya/776388875876292>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)